

1

“Sorry, I’m late,” hinging-paumanhin ni Lora habang umuupo sa tapat ng mahabang mesa at kaharap ang isang talent manager at ang abogado nito. Humugot siya ng malalim na hininga upang pakalmahin ang sarili at ngumiti sa mga ito.

Sinulyapan ni Jenna ang orasan sa dingding. Quince minutos siyang nahuli kaya mukhang nababagot na ang dalawa sa paghihintay. “And your sister?” tanong nito.

Nagkibit-balikat siya. “She can’t make it today kaya ako muna ang mag-re-represent sa kanya.”

“Miss Lora Enriquez,” anito, tinapik nang mahina ang ibabaw ng mesa. “Sinabi ko naman sa ’yo dati, na ang kapatid mo ang gusto naming makausap at hindi ikaw. And I told you to bring a lawyer.”

“I am her lawyer—”

“No, you can’t, Miss Enriquez,” sabad ng abogado na si Atty. Melendez. “You just took the bar exams. Wala pang kasiguruhan kung nakapasa ka. You’re still not licensed so you cannot possibly become your sister’s lawyer.”

Napabuntong-hininga si Lora. Alam niya iyon, ngunit hanggang maaari sana ay nais niyang daanin sa usapan ang

kasong kinasangkutan ng nakababata niyang kapatid. Kung tutuusin ay kaibigan niya si Jenna ng halos isang taon na. Kakilala ito ng kaklase niya noon na si Harold at nang malaman niyang isa itong talent manager ay inireto niya rito ang beinte-uno años niyang kapatid na si Lucy na matagal nang nangangarap na maging artista. Mabuti itong kaibigan, ngunit iba ito kapag business na ang usapan.

Pangalawang beses na iyon na hindi sumipot si Lucy sa binabalak nilang areglo. Kalahating taon ding ginastusan ni Jenna ang kapatid niya dahil malaki raw ang potential nitong sumikat na artista, ngunit kailan lamang ay napag-alaman niyang nabuntis ito sa kasintahang si Peter. Nakakontra ito kay Jenna kaya sa nangyari ay maaari itong makasuhan lalo na't may clause sa contract na bawal itong magbuntis sa loob ng dalawang taon. Sa takot siguro ni Lucy ay nagtanan ito kasama ni Peter at kahit siya man ay hindi niya alam kung saan ito hahagilapin.

“So nasaan na ang kapatid mo?” tanong ng talent manager makaraan ang ilang sandaling katahimikan.

Napahaplos siya sa noo. “Ang totoo, hindi ko rin alam kung nasaan siya. Hindi ko ma-contact 'yung cellphone niya.”

“Kung gan'un, ipapa-blotter ko na lang siya.”

“No, no,” she almost pleaded. Iyon ang ayaw niyang mangyari kaya pinipilit niyang makipag-areglo. Kapag na-blotter si Lucy ay malaking problema ang idudulot niyon sa kanyang

pamilya. Una, madudungisan ang pangalan niya bilang future attorney, at pangalawa, baka atakehin sa puso ang kanyang ina na kalalabas lamang ng ospital dahil sa mild stroke. Sadyang mahina ang puso nito kaya sa anumang paraan ay hindi na muna nila ipapaalam dito ang nangyari kay Lucy. “Alam mo naman ang problema ko. Sinabi ko na ’yan sa ’yo.”

Jenna sighed. “And I told you, this is purely business. Iba ako bilang kaibigan, at iba rin ako bilang talent manager. Alam mo kung gaano kalaki ang pinondo ko para sa kapatid mo.”

“Yes, I know and I’m willing to pay you,” sagot niya. “Yun nga lang ay hindi muna sa ngayon. Nasa financial difficulties kami ngayon dahil sa kalagayan ni Mommy. Pero kung gusto mo, willing akong pumirma ng kasunduan para kapag nakaluwag na kami, I will pay you.”

Umiling ito sa suhestyon niya. “Hindi ikaw ang may atraso sa akin, Lora, kundi ang kapatid mo. Kapag ikaw ang pumirma, baka ma-void pa ’yun. Just tell me where your sister is at kami ang mag-uusap.”

“Hindi ko nga alam. Tamaan man ako ng kidlat ngayon hindi ko talaga alam kung nasaan na ang kapatid kong ’yun. Kung alam ko lang sana ay ako na mismo ang kakaladkad sa kanya papunta sa ’yo.”

Matagal na nanahimik si Jenna habang nakatitig sa kanya, na wari’y sinusukat ang katotohanan sa kanyang sinabi. Mayamaya

ay bumuntong-hininga ito. “So ano’ng magagawa mo sa ngayon? Wala ka namang pera na pambayad.”

“Malapit nang lumabas ang result ng bar exams. Meron nang naghihintay na trabaho sa akin sa States at malaki-laki ang suweldo ko d’un.”

“Walang kasiguruhan na pumasa ka sa exam, Lora,” she argued. “I know you’re smart, pero kahit matatalino ay bumabagsak din sa bar exams. Paano kapag hindi ka nakapasa? Maghihintay na naman ako ng isang taon?”

Minasahe ni Lora ang noo. Tiwala siya na pumasa siya sa bar exam, ngunit may punto rin si Jenna. Hindi pa siya nakakasiguro.

Akala niya ay wala na siyang magagawa pa, ngunit may biglang sumulpot na solusyon sa kanyang isipan. “Ano ba ’yung mga nabinbing projects ng kapatid ko? Can’t I take her job instead? Marunong din naman akong umarte.”

Napadilat ito na para bang nagulat sa kanyang sinabi. “You?”

“Yes,” sagot niya. “Don’t I have the looks to be a celebrity?”

“Of course, you have, but I think you’re too old to start a showbiz career.”

“Too old? Gan’un na ba katanda ang twenty-five?”

“Sa showbiz, oo. Mag-aalangan ang mga producers sa ’yo. At

kahit mapasikat ka man namin in the short run, ilang taon lang ang itatagal ng career mo. Kapag umabot ka na ng late twenties, mahihirapan ka nang makakuha ng projects.”

Tila malulunod si Lora sa kinauupuan. Lahat na lang yata ng maisip niyang solusyon ay hindi posible.

“But I think there’s something you can do for me.”

Nabuhayan siya ng loob sa narinig. Umupo siya nang tuwid at hinintay itong magpatuloy.

“There is a popular model na gusto kong i-build up dito sa Pilipinas. To do that, I need a very special talent, someone with a good brain so as not to mess things up, and I think you’ll fit the role perfectly.”

Her mouth opened, flattered. “Really? And what would that be?”

Tinitigan siya nito. “Sigurado ka bang gusto mo?”

“Basta’t ba makabayad ako sa utang ng kapatid ko.”

“Hindi naman kalakihan ang bayad, pero kapag bumenta ang gimmick natin, we might make a lot of cash. Baka ikaw pa ang babayaran ko.”

The offer was too tempting for Lora. “Then I’ll take it.”

Jenna smiled. “All right. While I prepare the contract, get a lawyer.”

2

Earl Cristobal, the famous and rumored highest-paid male model in the US, waved to the hundreds of fans waiting around the vicinity of the hotel as he stepped out of his car. He just flew from Las Vegas to Manila, at hindi niya inasahang libu-libong katao ang nag-abang sa kanya sa airport, at maging dito sa tutuluyan niyang hotel ay nakaabang pa rin ang mga tao.

The crowd went wild. Nagtulakan ang mga ito na halos bumigay ang fence na ipinangharang sa paligid ng hotel. Nakapalibot din ang mga pulis kung sakali mang magkagulo.

Naisip niyang mas mabuting umalis na siya, subalit hindi niya kaya ang sundot ng konsyensya; ilang oras na naghintay ang mga tao para lamang makita siya.

Lalong lumakas ang hiyawan nang muli siyang kumaway. Kahit mga ilang metro ang layo ng mga ito, pakiramdam niya ay mababasag na ang kanyang eardrums.

“Let’s go,” anang personal assistant niyang si Janice. Tatalikod na sana siya nang may marinig siyang malakas na sigaw.

“I love you, Earl!”

Napalingon siya at laking gulat niya nang makita ang isang seksing dalaga na nakasuot ng pulang boots. Tumayo ito sa ibabaw

ng bakal na fence habang inaawat ito ng mga pulis.

Earl smiled. He was flattered he had a beautiful fan crazy over him, but that was plain madness. Yet, in response to her blunt public confession, he blew her a kiss.

Ngunit nagkamali yata siya. Biglang nahimatay ang dalaga at nahulog mula sa kinatatayuan. Kung hindi ito nasalo ng dalawang pulis ay baka nabalian ito ng buto.

“Is she okay?” tanong niya at lalapitan na sana ang babae nang hilain siya ni Janice.

“Don’t worry. Sila na ang bahala sa kanya. Tara na sa loob.”

Muli niyang tinapunan ng tingin ang walang malay-tao na dalaga bago sumama kay Janice na humihila sa kanyang kamay. Nang magsara ang pinto ay biglang nanahimik ang paligid. Finally, he could rest.

“Welcome home.”

Nagulat si Earl pagpasok niya sa kanyang suite at bumungad sa harapan niya si Jenna, ang kapitbahay niya noong high school. Malapit niya itong kaibigan hanggang sa ibinenta ng mga magulang niya ang kanilang bahay at nag-migrate sila sa States. Hindi niya inakalang isang bigating talent manager na pala ito sa Pilipinas.

She knew exactly how to take opportunities. Nang malaman nitong magbabakasyon siya ng ilang buwan sa Pilipinas ay kaagad

itong nag-offer ng project para sa kanya. Dahil kaibigan niya ito ay hindi niya ito matanggihan.

“Hi!” he smiled, surprised. “I didn’t expect to see you here. Sabi mo imi-meet mo ako sa airport pero wala ka naman d’on.”

Natawa itong kinamayan siya. “Well, may inasikaso kasi ako kanina kaya dito na lang ako naghintay. I’m sure you’re hungry. Your lunch is waiting.”

“Wow!” aniya. Pinasalamatan niya ang hotel staff na nagpasok ng kanyang gamit at sinundan si Jenna sa dining room. “You should have known I was hungry.”

“Of course,” sagot nito. “As if I don’t know kung gaano ka katakaw. Nagtataka nga ako kung paano mo name-maintain ’yang figure mo.”

Ngumiti si Earl na tiningnan ang sarili. Totoong malakas siyang kumain noon, ngunit noong naging modelo siya ay natuto siyang disiplinahin ang kanyang sarili, at dalawang beses sa isang linggo siyang nag-wo-workout sa gym. “That was fifteen years ago, Jenna. I’ve changed.”

“Talaga? Sige nga kung hindi bumalik ang katakawan mo pag nakita mo ang hinanda ko.”

Natigilan siya nang makita ang nakahandang pagkain sa mesa. Hindi nga niya inasahan na ang mga lutong Pilipino na labis niyang na-miss ang mga naroon.

“Wow!” he said and approached the table. “It won’t hurt to pig out once in a while, I think.”

Natatawang lumapit si Jenna. “Basta’t ba dagdagan mo ang oras mo sa gym.”

“No problem,” sagot niya at sabay silang umupo. Noon lamang niya napansin na apat ang nakahandang plato roon. Batid niyang ang isa ay para kay Janice na may kinakausap sa lobby, ngunit wala siyang idea kung sino pa ang kasalo nila.

“That’s for our guest,” ani Jenna na siguro ay napansin ang pagsalubong ng kanyang mga kilay. “She’s on her way.”

He looked at her suspiciously. “And who should she be?”

“Someone you know. Siya ang balak kong gawing ka-love team mo.”

Napalakas ang tawa ni Earl. “Jenna, I only agreed to model for a shirt here. Hindi ko pa napagdedesisyunan ang pag-aartista.”

“Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan mo pang pag-isipan. Di ba sabi mo gusto mo nang mag-stay for good dito sa Pinas? Ayan, binibigyan na kita ng trabaho mo.”

Umiling siya. “I don’t know. I’ve been into modeling for so long... and I think I had enough of it. I want to try other things.”

“Like what?”

“I don’t know. Maybe business or something.”

“That’s good,” sang-ayon ni Jenna. “Para naman magamit mo ’yang degree mo sa Business Ad, lalo na *cum laude* ka pa. Pero kung ako ang tatanungin mo, it wouldn’t be bad kung tumanggap ka muna ng acting projects habang sikat ka pa. Give it a year or two. Afterwards, puwede ka nang mag-focus sa business mo for the rest of your life.”

Napatingin siya sa kababata, nag-iisip. “Jenna, I am a model, not an actor. Isa pa, sa States naman ako sumikat at hindi dito. I’m twenty-nine, too old to be the young girls’ fantasy.”

Napahagalpak ito ng tawa, malakas. “Are you blind, Earl? Nakita mo naman kung gaano nagkagulo ang mga tao sa ’yo. Everyone loves you. They adore you. I was at the balcony when that woman fainted. Akalain mo, ganun kagandang dalaga, nahuhumaling sa ’yo. I’m telling you, Earl, you can be a superstar in a snap of fingers.”

Tahimik uli siyang nag-isip. Naalala niya ang babaeng nahilo kanina lamang. Totoo ang sinabi nito, napakaganda ng dalagang iyon, mula mukha hanggang pangangatawan. Kahit nakasuot iyon ng tennis cap ay hindi nakatakas sa paningin niya ang isang pares ng maririkit na mata, matangos na ilong at mapupulang labi.

Isang bagay ang pumasok sa kanyang isipan habang inaalala ang estrangherang iyon. Parang mahirap yatang paniwalaan na ang isang ganoon kagandang dalaga ay magpapakababaw ng gayon na lamang. Sa hitsura nito ay maaari namang lumapit na lamang ito sa kanya at siguradong hindi niya iyon matatanggihang

kausapin.

“Jenna,” he said, “that woman you were referring to. Hindi kaya isang talent mo ’yun?”

Nanlaki ang mga mata ni Jenna at hindi kaagad nakasagot. “W-what?”

“Sa pagkakaalam ko kasi, may mga ganyang set-up na ginagawa nila para i-promote ang mga bagong artista.”

Natawa ito. “Earl, with your popularity and your gorgeous looks, imposible pa ba na may mabaliw sa ’yo? Hindi ako magtataka kung sa susunod, eh, hindi na lang iisa ang mahihimatay sa sobrang excitement kapag nakita ka.”

Tumango ang binata. Maaaring totoo ang sinabi ng kausap. Maliban pa roon, napakainit ng sinag ng araw kaya maaaring na-exhaust ang dalaga kaya nahimatay.

“Okay,” he said. “Because to be honest, ayaw ko ng gan’ung gimmicks. Ayokong napag-uusapan dahil sa mga ganyang events na gawa-gawa lang pala. Parang niloloko ko lang ang sarili ko.”

Tumango rin ito. “Don’t worry. Hindi gimmick ’yung nakita mo kanina. Marami lang talagang nahuhumaling sa ’yo. Kaya tanggapin mo na ang alok ko sa ’yong mag-artista. It would be worth it. Trust me.”

“Hi, Tita Jenna.”

Napalingon siya sa narinig niyang boses ng babae mula sa kanyang likuran. Hindi iyon boses ni Janice kaya siguro ay iyon ang hinihintay nilang bisita.

He found a tall, attractive lady who was smiling at him. Ang sinabi ni Jenna ay kilala raw niya ito, ngunit hindi niya maalala ang mukha nito.

He stood up anyway to greet her.

“Hi, April,” ani Jenna. “Come over here.”

Salubong ang mga kilay ni Earl na tinitigan ang papalapit na babae. Unti-unti nga niya itong namukhaan. *April de los Santos? Ang pamangkin ni Jenna na may crush daw sa akin noon?*

“Hindi mo na ’ata ako maalala, Kuya,” anito nang nakatayo na ito sa harapan niya.

Napangisi siyang niyakap ito. “Of course I do,” aniya at tiningnan ito pababa. “You have changed. Hindi kita namukhaan.”

“Siyempre. Hindi mo na siguro ako tatawaging bata, ano?”

“Oo naman,” natatawa niyang sagot. Halos limang taon ang agwat nila rito, kaya noong high school siya ay bata pa lamang ang turing niya sa kausap. “I never thought you’d grow up so beautiful.”

Pinalo siya ni April sa balikat. Ilang sandali pa silang nagkumustahan hanggang dumating si Janice at sabay-sabay

Stalker's Kiss - Rebecca Rosal

silang nananghalian. He missed those Filipino dishes a lot, and he was really thrilled to see April once again.